Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 10, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:14 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Renato E. Ramos | ........ | Kagawad – Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | ...... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 175-T'07

## KAPASIYAHANG NILILIKHA ANG MGA POSISYONG DALAWANG PUBLIC HEALTH NURSE I, DALAWANG PUBLIC HEALTH NURSE II AT ISANG PUBLIC HEALTH NURSE III PARA SA PAMBAYANG TANGGAPAN NG KALUSUGAN.

**SAPAGKA'T**, iniliwat ng Pambayang Administrador sa Pinunong Pantauhan ang kahilingan nina Gng. Dolores Estellore at Clarissa Trinidad Cacho, parehong Nurse II at Gng. Teresita A. Ramos, Nurse III na ipinaabot ng Pambayang Manggagamot sa Kgg. Punong Bayan hinggil sa pagbabalik ng kanilang kasalukuyang posisyon na dating Public Health Nurse.

**SAPAGKA'T**, batay sa naturang kahilingan, ang pagbabago / pagpapalit ng mga nasabing posisyon ay pinahihintulutan ayon sa Seksyon 4 (b) ng Local Budget Circular No. 53, petsa Setyembre 01, 1993;

**SAPAGKA'T**, matapos ang masusing pagsusuri at pagtalakay sa naturang kahilingan at malaman mula sa pakikipag-ugnayan ng kaukulang lupon sa Pinunong Pantauhan na ito ay hindi makakaapekto sa Pantauhang Paglilingkod dahilan sa ang mga ito ay nakapaloob sa Qualification Standards sa paglalagay ng mga angkop na posisyon sa pamahalaang bayan ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Mabuting Pamamahala na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Romulo A. Elca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, Laura P. Obligacion at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Likhain ang mga posisyong dalawang Public Health Nurse I, dalawang Public Health Nurse II at isang Public Health Nurse III para sa Pambayang Tanggapan ng Kalusugan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tanggapan ng Komisyon ng Serbisyo Sibil, Pambayang Pinunong Pantauhan at RHU I, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

-260- 1/28/08